Australian Government

BreastScreen AUSTRALIA
A joint Australian, State and Territory Government Program

Ano ang kanser sa suso?

Ang kanser sa suso ay isang sakit na nangyayari kapag ang mga abnormal na selyula sa "suso ay lumaki" ng walang kontrol. Ang kanser ay kumakalat sa mga himaymay ng suso.

1 sa 7
na mga babaing Australyano ay magkakaroon ng sakit na kanser sa suso sa kanilang buhay

Ang 9 sa bilang na 10, kababaihang may kanser sa suso ay walang kasaysayan ng kanser sa suso sa pamilya.

Ang pagpa-screen ng suso ay nakakapagligtas ng mga buhay.

Na mas maagang matagpuan ang kanser sa suso, mas mabuti ang pagkakataon ng makaligtas sa sakit. **Ang BreastScreen Australia** ang pambansang programa sa pag-screening ng kanser sa suso. Ang bawa't estado at teritoryo ay nagpapatakbo ng BreastScreen Australia na serbisyo.

Ito ay isang mapagkukunan na dapat ninyong basahin nang magkasama ng iyong doktor.



Ang nasa edad na 50-74 taong gulang

Aktibong inaanyayahan na magpakuha ng libreng pagpa-screen bawa't 2 taon.



Ang nasa edad na 40-49 taong gulang



Ang nasa edad na 75 o mahigit pa

Ang libreng pagpa-screen ay makukuha ngunit hindi naman kinagawiang inirerekomenda. Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa kung ugma ba o hindi para sa iyo ang pagpa-screening.

Ano ang pagpa-screen ng suso?

- Ang mammogram ay isang mabilis, 20-minuto na pagsusuri na kumukuha ng malinaw na mga larawan ng himaymay ng iyong suso mula sa ibabaw at sa tabi. Ito ay libre at hindi mo kailangan ang sulat-pagsangguni ng doktor' para makapagpakuha.
- Ito ay isang kagamitan para sa maagang mga pagsuri sa mga maliliit na pagbabago o senyales ng kanser sa suso bago pa ito maging malaki para makita o madama mo o ng iyong doktor.
- Ito ay dinisenyo para sa mga kababaihan na walang kasalukuyang mga sintomas o kakaibang mga pagbabago, na tumutulong sa maagang paghahanap ng kanser kung saan ang paggagamot ay pinakamatagumpay.

Kung ikaw ay isang transgender o gender diverse (walang kiling kung babae o lalaki), ang breast screening ay maaaring may benepisyo para sa iyo – o baka naman hindi, depende na sa mga sitwasyon ng indibidwal.

Kung mayroon kang mga implant sa suso, karaniwang ligtas ang magpa-screening mammogram. Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa kung maging bagay man o hindi sa iyo ang pag-screening sa suso. Kung magpasiya kang magpa-screen ng suso, mangyaring sabihin sa kawani ng BreastScreen ang tungkol sa iyong mga implant kapag nagsagawa ng iyong appointment.

Kung mayroon kang kapansanan, kapareho lang ang iyong peligro sa kanser sa suso kagaya ng ibang kababaihan. Kapag nagsasagawa ng iyong pagpapalista, mangyaring pakisabi sa kawani ng BreastScreen Australia ang tungkol sa anumang natatanging mga kakailanganin na kailangan mo.

Alamin ang karagdagan:
health.gov.au/bsa
O makipag-ugnay sa BreastScreen Australia sa **13 20 50**


Kung kailangan mo ng isang interpreter, mangyaring tumawag sa **13 14 50**

Itong mga mapagkukunan ay makukuha sa iba pang mga wika

Ano ang susunod na mangyayari

Kung nagpasiya kang magpa-screen ng suso, narito ang dapat asahan sa 20-minutong appointment:


1



Welcome at Preparasyon

Patutuluyin ka ng radiographer mo sa isang pribadong pangX-ray na kwarto at sasabihin sa iyong hubarin ang mga damit pang-ibabaw hanggang beywang.


2



Ang Scan

Ilalagay ng radiographer ang suso isa-isa sa pagitan ng 2 plantsa sa X-ray machine. Ipipisa ng makina ang iyong suso ng mariin ng mga 10 segundo para makuha ang larawan. Maaring pakiramdam ay masikip o hindi komportable ngunit hindi naman ito nakakasakit. Kung may madama kang pagsakit, sabihin kaagad sa radiographer.

3



Mga resulta

Hindi kukulangin sa 2 espesyalistang doktor ang magbabasa ng iyong mga larawan sa mammogram para suriin kung may kanser sa suso. Ang mga resulta ay karaniwang ipapadala sa koreo sa loob ng 2 linggo sa iyo at sa iyong doktor o serbisyo sa kalusugan (kung pumayag ka sa ganito ang gagawin).

Mayroong mahigit na 750 lugar sa kabuuang Australya kung saan makakapagsagawa kang magpa-screen ng suso.

Para makapagpalista ng tipanan, bisitahin ang website ng BreastScreen ng inyong lokal na estado o teritoryo sa **13 20 50**.

Kung mayroon kang mga sintomas ngayon

Huwag nang maghintay ng tipanan para magpa-screen. Makipagkita kaagad sa iyong GP kung may napansin kang bukol, pagsakit o anumang di-pangkaraniwang mga pagbabago sa suso.

Australian Government

BreastScreen AUSTRALIA
A joint Australian, State and Territory Government Program

Para sa karagdagang impormasyon:

health.gov.au/bsa

o makipag-ugnayan sa BreastScreen Australia sa **13 20 50**